



*Sistema ng Proteksyon at Pagtataguyod ng California  
Libreng Tawag (800) 776-5746*

## Mga Programa sa mga Suporta sa Trabaho/Insentibo sa Trabaho sa Ilalim ng Titulo II -SSDI

---

*Marso 2016, Lat. #5522.08 - Tagalog*

### **Ano ang Mangyayari sa Aking mga Benepisyong SSDI kapag Bumalik Ako sa Trabaho?**

Isa ito sa pinakamadalas na itanong na mga katanungan ng isang benepisyaryo ng Seguro sa Kapansanan ng Segurong Panlipunan (SSDI, Social Security Disability Insurance) na gustong magtrabaho. Ang Pangangasiwa ng Segurong Panlipunan (SSA, Social Security Administration) ay nagbibigay ng mga programa ng suporta sa trabaho/insentibo sa trabaho na maaaring gamitin upang tulungan ka sa iyong mga pagsisikap sa trabaho.

Maaaring makatulong sa iyo ang mga suporta sa trabaho/insentibo sa trabaho na ito upang mapanatili ang iyong mga benepisyong SSDI at saklaw sa Medicare habang ikaw ay nagtatrabaho. Ang sumusunod ay isang pagtalakay ng mga programa sa mga suporta sa trabaho/insentibo sa trabaho sa isang benepisyaryo ng SSDI.

### **Mga Programa sa mga Suporta sa Trabaho/Insentibo sa Trabaho ng SSDI**

**Panahon ng Pagsubok sa Trabaho:** Ayon sa Batas sa Segurong Panlipunan (Social Security Act, The Act), kapag natanggap mo ang SSDI at trabaho, at hindi isyu ang medikal na paggaling, karapat-dapat

ka sa isang 9 na buwang Panahon ng Pagsubok sa Trabaho (TWP, Trial Work Period). Ang TWP ay isang 9 na buwang panahon kung saan masusubok mo ang iyong kakayahan na magtrabaho. Ang 9 na buwang ito ay hindi kailangang sunod-sunod, ngunit kailangang maisagawa sa loob ng 60 buwan na “tuloy-tuloy” na panahon. Sa panahon ng TWP, ang kita ay hindi binibilang laban sa iyong tseke sa SSDI (20 Kodigo ng Pederal na Regulasyon [CFR, Code of Federal Regulations] §404.1592).

**Makabuluhang Napapakinabangang Gawain:** Ang Makabuluhang Napapakinabangang Gawain (SGA, Substantial Gainful Activity) ay trabaho na ginagawa mo para sa bayad o kita na kasama ang paggawa ng makabuluhang pangkaisipan o pisikal na gawain (20 CFR §404.1572). Tumutukoy ang SGA sa parehong mga sahod na iyong kinikita mula sa iyong trabaho at mga kita mula sa sariling-pagtrabaho. Ang SGA ng 2016 ay \$1,130.00 kada buwan para sa isang hindi-bulag na tao at \$1,820.00 kada buwan para sa isang bulag na tao. Ang mga halagang ito ay ang iyong kabuuang mga kita bawat buwan. Iyon ay, ang halaga na iyong kinikita bago ang anumang mga buwis o iba pang pagbabawas na binabawas sa iyong sahod.

Tinutukoy ng SSA ang SGA para sa sariling-pagtrabaho sa dalawang paraan:

1. Netong mga Kinita mula sa Sariling-Pagtrabaho (NESE, Net Earnings from Self-Employment) – ang NESE ay isang taunang halaga na kinita mo mula sa iyong negosyo pagkatapos ng pinahihintulutang pagbabawas ng Serbisyo ng Internas Rentas (IRS, Internal Revenue Service).
2. Mga Oras na Nagtrabaho bawat Buwan – Naisagawa mo ang SGA kapag gumugol ka ng 80 oras o higit pa sa iyong negosyo bawat buwan.

Ang halaga ng SGA, para sa sariling-pagtrabaho, ay \$1,130.00, para sa isang hindi-Bulag na tao, at \$1,820.00, para sa Bulag na tao, kada buwan

\*Buwan ng Pagsubok sa Trabaho (TWM, Trial Work Month) – Upang matukoy ang iyong 9-na-buwang panahon ng pagsubok sa trabaho (TWP), tinitingnan ng SSA ang halaga na iyong kinikita sa bawat buwan upang tukuyin kung nabuo mo na ang isang buwan

ng TWP o hindi. Sa 2016, anumang buwan na kumita ka ng \$810.00, o higit pa, gumamit ka ng 1 buwan ng 9-na-buwang TWP.

Ang halaga ng SGA at TWP ay maaaring magbago bawat taon. Ang pagtaas sa pambansang Indise ng Presyo ng Mamimili (CPI-W, Consumer Price Index) ay karaniwang nagreresulta sa katumbas na pagtaas sa SGA at TWP sa susunod na taon.

**Pinahabang Panahon ng Pagiging Karapat-dapat:** Pagkatapos magtapos ang TWP, papasok ka sa 36-na-buwang pinahabang panahon ng pagiging karapat-dapat (EPE, extended period of eligibility). Panahon ito ng 36 na magkakasunod na buwan kung saan ang mga kinita ay ikinukumpara sa antas ng SGA upang matukoy kung mananatili kang karapat-dapat na tumanggap ng mga bayad sa SSDI.

Anumang buwan, sa panahon ng EPE, na ang iyong kabuuan o netong mga kinita ay nasa o mas mababa sa SGA; karapat-dapat kang patuloy na makatanggap ng iyong mga kabayaranang pera sa SSDI. Kung ang iyong kabuuan o netong mga kinita ay lumampas sa SGA, hindi ka karapat-dapat na tumanggap ng mga kabayaranang pera sa SSDI (20 CFR §404.1592a). Ang panahong ito ay tinatawag na panahon ng “muling pagtukoy.”

Panahon ng Pagtigil: Ang unang buwan, pagkatapos na magtapos ang TWP, na lumampas ang iyong mga kinita sa SGA, papasok ka sa iyong buwan ng pagtigil kung saan ang mga benepisyo ay maaaring wakasan (20 CFR §404.316 & §404.325). Matatanggap mo ang iyong bayad sa SSDI sa buwan ng pagtigil at sa susunod na dalawang buwan na kaagad sumunod sa buwan ng pagtigil. Ang tatlong buwang panahon na ito ay tinatawag na “palugit” kung saan pagkatapos ay maaaring wakasan ang mga benepisyo.

**Mga Gastos sa Trabaho na Kaugnay sa mga Paghina:** Ang Gastos sa Trabaho na Kaugnay sa Paghina (IRWE, Impairment Related Work Expense) ay isang gastos na iyong ginagastos dahil sa iyong kapansanan para sa mga kalakal o serbisyo na nagpapahintulot sa iyo na magtrabaho. Ang mga gastos na ito ay dapat mong bayaran at hindi maaaring ibalik ng kahit kanino (Pulang Aklat sa mga Suporta sa Trabaho [Redbook on Employment Supports])

**Subsidiya:** Ang subsidiya ay isang gastos para sa mga kalakal o serbisyo na binayaran ng iyong employer na nagpapahintulot sa iyo na magtrabaho at maisagawa ang yong mga tungkulin sa trabaho (Pulang Aklat sa mga Suporta sa Trabaho).

**Espesyal na Kondisyon:** Ang espesyal na kondisyon ay isang gastos, para sa mga kalakal o serbisyo, na binayaran ng ikatlong partido na nagpapahintulot sa iyo na magtrabaho at/o maisagawa ang iyong mga tungkulin sa trabaho (Pulang Aklat sa mga Suporta sa Trabaho).

**Hindi Nagastos na Gastusin sa Negosyo:** Ang hindi nagastos na gastusin sa negosyo ay suporta na ibinibigay nang walang gastos sa iyong negosyo. Ang gastos sa suporta na ibinigay sa iyo (ang may-ari ng negosyo) ay ibinabawas upang matukoy kung ang iyong mga kinita ay lumampas sa SGA (Pagpagana ng Sariling-Pagtrabaho para sa mga Taong May Kapansanan [Making Self-Employment Work for People with Disabilities]).

**Hindi Binayarang Tulong:** Ang hindi binayarang tulong ay tulong na ibinigay nang walang gastos sa iyo, ang may-ari ng negosyo, na may kapansanan, na tumatanggap ng SSDI kung saan anumang ibang negosyo ay inaasahang bumili bilang gastos ng negosyo/trabaho. Ang patas na gastos sa trabaho sa tulong na ibinigay sa iyo, ang may-ari ng negosyo, ay ibinabawas mula sa netong mga kinita upang matukoy ang SGA (Pagpagana ng Sariling-Pagtrabaho para sa mga Taong May Kapansanan).

Sa ilalim ng mga regulasyon ng Segurong Panlipunan, ang mga gastos na ito (IRWE, subsidiya, espesyal na kondisyon, hindi nagastos na gastusin sa negosyo at hindi binayarang tulong) ay dapat ipagwalang-bahala kapag kinakalkula ang iyong buwanang ibinibilang na kita (CI, countable income). Pagkatapos, ang iyong ibinibilang na kita ay ikinukumpara sa SGA upang matukoy kung ikaw ay karapat-dapat na patuloy na tumanggap ng mga kabayaran pera sa SSDI. Tinatawag itong “pagsubok ng SGA.”

**Patuloy na Saklaw ng Medicare:** Sa pagpasa ng Batas ng Programa sa Tiket sa Trabaho at Pagpapabuti ng Insentibo sa Trabaho ng 1999 o Ang Tiket (Ticket to Work and Work Incentive Improvement Act of 1999,

The Ticket), ang saklaw ng Medicare ay pinahaba mula 39 na buwan sa 93 buwan.

Sa panahong ito, patuloy mong mapanatili ang iyong saklaw sa Medicare Bahagi A (Medicare Part A) (pagpapa-ospital), Medicare Bahagi B (Medicare Part B) (pagbisita sa doktor) at Medicare Bahagi D (Medicare Part D) (iniresetang gamot). Ang Medicare Bahagi A ay patuloy na magiging libre. Subalit, opsyonal ang Medicare Bahagi B at D at dapat magbayad ng buwanang premyum upang mapanatili sila.

**Programang Pagbili ng Medicaid:** Hinihikayat ng batas na “Ang Tiket” ang mga estado na magtatag ng mga programang “Pagbili ng Medicaid” (“Medicaid Buy-in”) para sa mga benepisyaryo ng SSDI na nagtatrabaho. Ang “pagbili” na programang ito ay nagpapahintulot sa iyo na bumili ng saklaw ng “MediCal” sa pamamagitan ng pagbayad ng buwanang premyum. Ang programa ng estado na “pagbili” ng Medicaid, ang programang 250% Nagtatrabahong May Kapansanan ng California (250% CWD, California Working Disabled) ay ipinatupad noong Abril 2001.

**Pinabilis na Pagbalik sa Dating Kalagayan:** Pinapadali para sa iyo ng probisyong pinabilis na pagbalik sa dating kalagayan (EXR, expedited reinstatement) ng programang Tiket sa Trabaho na ibalik sa dating kalagayan ang iyong mga benepisyos. Kung ang iyong mga kinita ay mas mababa sa SGA, pagkatapos makumpleto ang EPE, maaari mong ipabalik sa dating kalagayan ang iyong mga benepisyos nang hindi kinakailangang mag-apply muli para sa iyong mga benepisyong SSDI.

Ang probisyong pinabilis na pagbalik sa dating kalagayan ay nagpapahintulot sa iyo na abisuhan ang SSA na hindi ka na nagtatrabaho sa antas ng SGA at kailangang ibalik sa dating kalagayan ang iyong mga benepisyos. Maaaring magsimula uli ang iyong mga benepisyos sa humigit-kumulang tatlo hanggang anim na linggo.

Para sa karagdagang impormasyon sa trabaho sa SSA, mga programa ng suporta/insentibo sa trabaho, maaari kang bumisita sa website ng Segurong Panlipunan sa [www.socialsecurity.gov](http://www.socialsecurity.gov) o kumuha ng kopya ng paglalathala ng SSA, [Pulang Aklat sa mga Suporta sa Trabaho](#). Maaari ka ring makipag-ugnayan sa Tagapag-ugnay ng Insentibo sa Trabaho sa Lugar para sa SSA (Area Work Incentive Coordinator for SSA), proyekto

ng Pagpapalano at Tulong sa Insentibo sa Trabaho (Work Incentive Planning and Assistance) sa iyong lugar. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa Proteksyon at Pagtataguyod para sa mga Benepisyaryo ng Segurong Panlipunan (PABSS, Protection and Advocacy for Beneficiaries of Social Security) sa 800-776-5746 o bumisita sa website ng Disability Rights California sa [www.disabilityrightsca.org](http://www.disabilityrightsca.org).

*Pinag-aralan ng SSA ang sumusunod na paglalathala para sa teknikal na kawastuhan lamang; gayunpaman, hindi ito dapat ituring na opisyal na dokumento ng SSA.*

*Ang Disability Rights California ay pinopondohan ng iba't ibang mga pinagkukunan, para sa kumpletong listahan ng mga nagpopondo, pumunta sa <http://www.disabilityrightsca.org/Documents/ListofGrantsAndContracts.html>.*